# Philippine Biblical Worldview Institute

# Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa

## ST200 Man and Sin

### Part 3: ST203 Man in Christ's Image

### a) Ang Anak ng Diyos

Sinasabi sa Romans 8:29 na, *For whom He foreknew, He also predestined to be conformed to the image of His Son, that He might be the firstborn among many brethren.* Ito naman ang sinasabi sa Ephesians 1:3-6, *Blessed be the God and Father of our Lord Jesus Christ, who has blessed us with every spiritual blessing in the heavenly places in Christ, just as He chose us in Him before the foundation of the world, that we should be holy and without blame before Him in love, having predestined us to adoption as sons by Jesus Christ to Himself, according to the good pleasure of His will, to the praise of the glory of His grace, by which He made us accepted in the Beloved*.

Mayroon tayong mahahalagang katotohanan na matututuhan sa dalawang bahaging ito ng Scripture. Una, mayroon mga kinilala ang Diyos bago pa Niya likhain ang sansinukob na Kanyang itinalaga na magiging kawangis ng Kanyang anak na si Jesus. Ikalawa, ang Kanyang mga kinilala ay Kanya ring itinalaga na aampuning mga anak. Samakatuwid, may mga taong kinilala ang Diyos na in the beginning ay created in God's image, na nahulog sa kasalanan at pinanganak na spiritually dead in Adam's image, na itinalaga na magiging conformed in Christ's image.

Maliwanag ang planong ito ng Diyos para sa Kanyang mga kinilala o hinirang bago pa likhain ang sansinukob. Ang kinakailangan din namang maunawaan ay kung paano ang planong ito ay isasakatuparan sa kanya-kanyang panahon ng Kanyang mga aampunin.

Tinuturo ng Bibliya na ang lahat ng mga taong isinilang mula sa pagkahulog sa kasalanang ng tao ay ipinapanganak sa wangis ni Adan na patay sa espiritu (Ephesians 2:1). Kaya ang tanong ay paano maihahalintulad ang wangis ng isang patay ang Espiritu sa wangis ng walang bahid na buhay ni Cristo, gayung ang bunga ng buhay ni Cristo ay bunga ng Espiritu ng buhay na Diyos.?

### b) Ang Immanuel

Isang araw dinalaw ng isang anghel si Birheng Maria, na kasintahan ni Jose. Sinabi ng anghel na dadalhin ni Maria sa kanyang sinapupunan ang uupo sa trono ni David na maghahari sa bayan ng Israel magpakailan pa man (Luke 1:32).

Nang mapag-alaman ni Jose na nagdadalang-tao si Maria, minabuti niyang makipaghiwalay sa kasintahan nang palihim upang ito ay hindi mapahiya. Subalit bago magawa ni Jose ang bagay na iyon, binigyang liwanag ng anghel ang kanyang isipan. At sinabi ng anghel kay Jose na pangalanan niya ang sanggol na Jesus sapagkat Siya ang magliligtas sa Kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan at tatawagin Siyang Immanuel na ang ibig sabihin ay, "Kasama natin ang Diyos" (Matthew 1:21).

Samakatuwid, ang Diyos Anak ay nagkatawang tao upang sa takdang panahon ay ililigtas Niya ang Kanyang bayan mula sa kanilang pagkaalipin sa kasalanan at kamatayan.

**c) Ang Kordero ng Diyos**

Samantala, mula sa ilang, narinig ang malakas na hiyaw ni John the Baptist, *Magsisi kayo sa inyong kasalanan, malapit na ang kaharian ng Diyos*. Dumami ng dumami ang nakikinig kay Juan.

Isang araw, isang lalaki ang nagtungo sa kanyang kinaroroonan kung saan siya ay nangangaral at nagbabautismo. Ang lalaking ito ay si Jesus na taga-Nazareno.

Tinuro ni Juan si Jesus sa kanyang mga disipulo at sinabi niya ang ganito: *Pagmasdan ninyo, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng tao.*

Upang maibalik sa wangis ng Diyos ang isang tao kinakailangan na buhayin muna ang kanyang espiritu. Bago ito mangyari, kinakailangan munang siya ay matubos mula sa kanyang pagkalipin at mahugasan ang kanyang kasalanan.

Matapos ang Kanyang tatlong taong pangangaral, si Jesus ay pinagtaksilan ng isa Niyang disipulo. Siya ay inaresto, hinagupit, binugbog, sinakdal, at hinatulan ng kamatayan. Kay Jesus ay nagkaroon ng katuparan ang propesiya ni Isaiah tungkol sa suffering Messiah as sin offering. Ang daranak Niyang dugo ay hindi lamang magtataklob kundi maghuhugas ng kahihiyan at karumihan ng kasalanan ng Kanyang bayan.

Sa Hebrews 9, sinasabi na *kung walang daranak na dugo, walang kapatawaran*. Sa Leviticus 17 naman matututuhan natin na *ang buhay ng isang nilalang ay nasasa dugo at dugo ang panaklob sa kasalanan na pinag-utos ng Diyos na gamitin ng sinumang lalapit sa Kanyang harapan.*

Sa Kalbaryo ay maaalala ang ginawang pagkatay ng Diyos ng isang hayop upang magamit ang balat nito bilang panaklob sa kahihiyan ni Adan at Eba; ang ginawang paghahandog ni Abel ng first born ng kanyang kawan; ang paghahandog ni Abraham kay Isaac sa bundok ng Moriah; ang paghahanda ng passover lamb bago nilisan ng bayan ng Diyos ang Egypt; at ang paghahandog ng dugo ng kambing as sin offering sa day of atonement ng mga Hudyo. At ang nilalarawan ng mga animal sacrifices na ginawa ng bayan ng Israel bilang alay sa banal na Diyos upang sila na makasalanan ay mailapait sa Diyos ay ang gagawing pagtubos ng Anak ng Diyos sa bayan ng Diyos. Kaya pala, si Jesus ay tinawag ni Juan na kordero ng Diyos sapagkat Siya ang magiging handog upang ang Kanyang dugo ang magsilbing panghugas sa kasalanan ng Kanyang bayan. Namatay nga si Cristo bilang sapat na kabayaran para sa kaligtasan ng mga hinirang.

Sa krus ng Kalbaryo, si Jesus ay iniwan ng Diyos Ama tulad nang ginawang paghiwalay ng Espiritu ng Diyos kay Adan ng siya ay magkasala. Si Jesus ay namatay din nang pisikal tulad ni Adan. Subalit hindi Siya namatay dahil sa Kanyang kasalanan sapagkat Siya ay hindi nagkasala sa buong buhay Niya. Ang hustisya ng Diyos ang tumanggap ng paghahandog ng kordero ng Diyos mula sa mga kamay ng mabuting pastol bilang sapat na kabayaran ng pagkakautang ng Kanyang mga tupa. Ang hustisya ring ito ang nagpawalang-sala kay Jesus sapagkat walang nakitang karumihan sa Kanyang puso. Si Jesus ay nabuhay muli sa ikatlong araw.

## d] Ang Kapanganakang Muli

Sa kasaysayan ng bayan ng Israel, ang bayan na hinirang ng Diyos, the chosen people of God, ay may nagsakatuparan ng paraan na minabuti ng Diyos kung paano magkakaroon ng daan ang makasalanang tao papunta sa Banal na Diyos, upang sila ay mapagkasundo – si Cristo Jesus.

Ang buhay ni Cristo ay mas mahalaga pa sa buhay ng pagsama-samahin mang buhay ng lahat ng makasalanang tao sa buong mundo sapagkat ang Kanyang buhay ay walang bahid, walang anumang karumihan. Sa mata ng Diyos, walang katumbas ang buhay ni Cristo. Wala nang iba pang magsisilbi na katanggap-tanggap sa Diyos bilang pantubos sa makasalanang tao kundi ang buhay ni Jesus.

Ang katotohanang ito ang makapagpapaliwanag sa mga sinabi ni Cristo nang ihambing Niya ang Kanyang sarili sa isang mabuting Pastol.

Ang sabi Niya sa John 10 ay ito, *Ako ang mabuting pastol. Iniaalay ng mabuting pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa. Nakikinig sa Akin ang Aking mga tupa; nakikilala Ko sila, at sumusunod sila sa Akin. Binibigyan Ko sila ng buhay na walang hanggan. Kailanma'y hindi sila mapapahamak at hindi sila maaagaw sa Akin ninuman.*

Dahil sa kasalanan, nawalay nga ang espiritu ng Banal na Diyos sa naging makasalanang tao; ang dahilan kung bakit ang tao ay pinapanganak na patay ang espiritu at kung bakit siya ay kinakailangang mabuhay muli – mabuhay sa espiritu upang ang kanyang wangis ay ma-conform sa image ni Cristo, samakatuwid, sa image ng God.

Dumanak ang dugo ni Cristo sa Kalbaryo. Sa pamamagitan ng pagtitiwala kay Cristo, ang nagsisising tao ay napawawalang-sala at siya ay nagiging katanggap-tanggap sa Diyos dahil sa ang katuwiran ni Cristo ang babalot sa kanya. Sa sandaling ito nagsisimula ang pag-conform ng image ng isang born-again believer sa image ni Cristo.

Ito ang sinasabi ni Apostol John sa 1 John 3:2, *Beloved, now we are children of God; and it has not yet been revealed what we shall be, but we know that when He is revealed, we shall be like Him, for we shall see Him as He is.* Ang mga tupa ni Cristo ay ibabalik sa wangis ng Diyos sapagkat ang kaganapang ito ay itinalaga na ng Diyos sa simula pa lamang.

***Multiple Choice***

1. Ang mga taong kinilala ng Diyos ay Kanyang itinalaga na ampunin na mga anak kung sila ay tatanggap kay Cristo.
   a. True
   b. False

2. Ang lahat ng isinilang matapos mahulog ng tao sa kasalanan ay patay sa espiritu.
   a. True
   b. False

3. Ang ibig sabihin ng Immanuel ay
   a. Ang Diyos ay nananahan sa atin
   b. Kasama natin ang Diyos
   c. Ang Diyos ay nagkatawang tao

4. Dahil nga nagkasala ang tao, ipinangaral ni John the Baptist ang
   a. Pananampalataya sa Kordero ng Diyos
   b. Kaligtasan sa pagiging makasalanan
   c. Pagsisisi sa kasalanan sapagkat malapit na ang kaharian ng Diyos

5. Upang maibalik sa wangis ng Diyos ang isang tao, kaliangan muna siyang matubos at mahugasan ang kanyang kasalanan.
   a. True
   b. False

6. Sa Hebrews 9, sinabi na kung walang daranak na dugo
   a. Walang panaklob sa kasalanan
   b. Walang kapatawaran ang kasalanan
   c. Walang makapupunta sa langit

7. Ang pagkatay ng Diyos ng isang hayop upang magamit ang balat bilang panaklob sa kahihiyan nina Adam at Eve ay naglalarawan sa gagawing pagtubos ng Anak ng Diyos sa Kanyang bayan.
   a. True
   b. False

8. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
   a. Si Cristo Jesus ang naging daan upang ang makasalanang tao ay manumbalik sa Banal na Diyos.
   b. Ang mga hinirang ng Diyos ay may daan patungong langit sa pamamagitan ni Cristo Jesus.
   c. Ang mga hinirang ng Diyos ay may daan patungo sa Banal na Diyos sa pamamagitan ng pag-aalay ng kanilang buhay.

9. Ang born-again man ay nagkakaroon na ng sariling katuwiran sa harap ng Diyos.
   a. True
   b. False

10. Ang tupa ni Cristo ay ibabalik sa wangis ng Diyos sapagkat
   a. Ito ay itinalaga na ng Diyos noong simula pa lamang
   b. Ito ay nakatakda sa oras ng kanyang pagsilang.
   c. Ito ay kanyang Karapatan bilang nilalang ng Diyos.

© Conrad Jun Tolosa 2022
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.